# *Pagtatalaga sa Maliliit na bata*

***"nguni't sa ganang akin at ng aking sangbahayan ay maglilingkod kami sa PANGINOO"***
***(Joshue 24:15b KJV)***

Maraming mga magulang ang nangako upang maglingkod sa Panginoon kasama ng kanilang mga anak. Maraming nag-aakala na habang itinatalaga nila ang kanilang mga anak sa Panginoon, anuman ang pangyayari sila ay lalago, sa huli ang Panginoon ang tatawag sa kanilang mga anak pabalik para maglingkod sa Kanya dahil sila'y itinalaga sa paglilingkod sa Diyos. Ngunit ang pagsasanay sa mga bata upang maglingkod sa Diyos ay nasa kamay ng mga magulang, at ang sinasabi ng Banal na Kasulatan, ***"Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan." (Kawikaan 22:6 KJV)***

Maraming mga simbahan ay isinasaalang alang ang seremonya ang pagtatalaga sa bata lalo na sa bagong silang na mga bata. Ito ay isang mabuting pagsasagawa upang gawin dahil ito ay nasa Banal na Kasulatan, ngunit kung ginagawa lamang natin ito para as kapakanan ng pamamaraan at sa seremonya ng walang tunay na pangako ng mga magulang para sumunod sa Diyos upang turuan at disiplinahin ang bata habang siya/niya ay lumalaki ayon sa tagubilin ng Diyos, sa gayon walang punto para sa seremonya ng pagtatalaga sa maliit na bata sa Diyos sa Simbahan.

***"13 Nang magkagayon ay dinala sa kaniya ang maliliit na bata, upang ipatong niya ang kaniyang mga kamay sa kanila, at ipanalangin: at sinaway sila ng mga alagad. 14 Datapuwa't sinabi ni Jesus, Pabayaan ninyo ang maliliit na bata, at huwag ninyong pagbawalan silang magsilapit sa akin: sapagka't sa mga ganito ang kaharian ng langit. 15 At ipinatong niya ang kaniyang mga kamay sa kanila, at umalis doon." (Mateo 19:13-15)*** *Hinangad ng Panginoong Jesus na ang mga bata na lalapit sa Kanya at wala ni isang dapat humadlang sa kanila. Ngunit ang paglapit kay Jesus ay hindi ibig sabihin lamang na dalhin ang mga bata sa simbahan sa pisikal at isagawa ang pagtatalaga ng seremonya, kundi palakihin sila at pangalagaan sila sa mga paraan ng Panginoon.*

Sinalita ng Diyos sa Kanyang bayan sa pamamagitan ni Moises nang sinabi Niya sa kanila, ***"6 At ang mga salitang ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso; 7 At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon. 8 At iyong itatali na pinakatanda sa iyong kamay at mga magiging pinakatali sa iyong noo. 9 At iyong isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay at sa iyong mga pintuan-daan." (Deutronomio 6:6-9 KJV)*** * Dapat nating ilagay ang mga utos ng Diyos sa ating mga puso at itatak ang mga ito sa puso at isip ng ating mga anak sa patuloy na pagpapakita at pagtuturo sa kanila sa mga paraan ng Diyos. * Ang kinakailangan sa atin ng Panginoon ay hindi lamang sa seremonyal na pagtatalaga ng ating mga anak sa Kanya kundi palakihin sila sa mga paraan at sa pagkatakot sa Diyos at paglingkuran Siya. * Kaya sa makabuluhan, kailangang italaga natin ang ating sarili sa Diyos upang maglingkod sa Kanya, at upang italaga ang buhay ng ating pamilya para palakihin ang ating mga anak sa pagkatakot at sa paglilingkod sa Panginoon.

Ang salaysay ng kapanganakan ni Jesus at kung paano Siya pinalaki ng Kanyang makalupang mga magulang ay makakatulong sa ating maunawaan ang tunay na kahulugan ng pagtatalaga sa bata:

***"18 Ang pagkapanganak nga kay Jesucristo ay ganito: Nang si Maria na kaniyang ina ay magaasawa kay Jose, bago sila magsama ay nasumpungang siya'y nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo.19 At si Jose na kaniyang asawa, palibhasa'y lalaking matuwid, at ayaw na ihayag sa madla ang kaniyang kapurihan, ay nagpasiyang hiwalayan siya ng lihim." (Mateo 1:18-19)*** Si Jose ay isang matuwid na lalaki. Siya ay nangakong pakakasalan si Maria ngunit natagpuan niya siya ay nagdadalang-tao kaya nais niya hiwalayan siya. Kinakailangan niya hiwalayan siya sapagkat ayon sa Banal na Kasulatan ang birhen na nangako na magpapakasal o itinalaga ay isinasaalang-alang na may-asawa at tiyak na asawa ng lalaki. Ngunit hindi sila pinapahintulutan na magkita o lumabas ng magkasama hanggang sa matapos ang araw ng kasal. Ito ang simulain ng Salita ng Diyos at hindi ng kinaugalian ng Gitnang Silangan gaya ng iniisip ng ilan. Kaya nang natuklasan ni Jose na si Maria ay nagdadalang-tao siya ay nagpasya na hiwalayan siya. Ngunit dahil siya ay matuwid na lalaki nais niyang gawin ito nang lihim at huwag ilantad siya sa kahihiyan sa madla.

*Ang pag-aasawa ayon sa Bibliya ay hindi batay sa isang lalake at babae na gusto aang isa't isa, kundi maghintay sa Diyos na tatawag sa maharlikang mga seserdote upang magtagpo sa Banal na matrimonya upang pamunuan ang kanilang pamilya sa pagkamatuwid at magpalaki ng makaDiyos na mga anak. * Ang pag-aasawa ay hindi kailanman binuo sa Eros, pag-iibigan o sa pagnanasa. * Ayon sa Banal na Kasulatan, kapag ang dalawang seserdote ay tinawag ng Diyos upang pamunuan ang isang pamilya, sila'y nangako magpapakasal, At sa panahong iyon na sila'y inihanda at sinanay upang payabungin ang uri ng pagibig na kinakailangan ng Panginoon:

1. ***Agape na pag-ibig:*** *Kinakailangan ng Panginoon ang walang kondisyon at pagpapaubayang p ag-ibig sa pagitan ng mag-asawa upang paglingkuran Siya.*

2. ***Philadelphia na pag-ibig:*** *Kinakailangan ng Panginoon ang kapatirang pag-ibig at igalang ang karapatan ng bawat isa bilang lalake at babae nilikha sa Kanyang larawan at wangis. Sa pagkakaroon ng ganitong uri ng pag-ibig sa pagitan ng mag-asawa ay makakapukaw sa kanila na dalhin ang kabigatan ng bawa't isa sa pagtayo at pamumuno sa pamilya.*

Sa pamilya ni Jesus, si Jose ay matuwid na lalaki at si Maria ay alipin ng Diyos. Silang dalawa ay namumuhay para sa Diyos at handang gawin ang kalooban ng Diyos at plano para makaDiyos na pamilya. Narito mula sa salaysay ng kapanganakan ni Jesus, alamin natin kung ano ang ibig sabihin ng pagbuo ng isang pamilya upang maglingkod sa Diyos, at kung paano italaga ang ating mga anak sa paglilingkod sa Diyos.
1***.”19 At si Jose na kaniyang asawa, palibhasa'y lalaking matuwid, at ayaw na ihayag sa madla ang kaniyang kapurihan, ay nagpasiyang hiwalayan siya ng lihim,20 Datapuwa't samantalang pinagiisip niya ito, narito, ang isang anghel ng Panginoon ay napakita sa kaniya sa panaginip, na nagsasabi: Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang kaniyang dinadalang-tao ay sa Espiritu Santo.21 At siya'y manganganak ng isang lalake; at ang pangalang itatawag mo sa kaniya'y JESUS; sapagka't ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan.” (Mateo 1:19-21)*** Katotohanang si Jose ay matuwid na lalake, at ang Diyos ay magsasalita at itutuwid ang matuwid na mga magulang kung paano poprotektahan ang kanilang mga anak. Nagsalita ang Panginoon kay Jose upang kunin si Maria bilang asawa at siya ay sumunod sa Diyos sa kabila ng panukala ng Diyos ay hindi katanggap tanggap sa kanyang isipan at damdamin. Itinuwid ng Diyos si Jose sa pamamagitan ng panaginip upang hayaan ang pagsilang ni Jesus at buhay ng Kanyang pagkabata ay maging matagumpay. * Ang Diyos ay hindi nagbabagong Diyos na nagsasalita at naghahayag ng Kanyang plano ng pag-aasawa sa matutuwid, mapagkumbaba, at masunuring mga tao gaya ni Jose at Maria. * Bilang mga lingkod at seserdote ng Diyos, itinatalaga natin ang paparating na mga anak sa Panginoon, una, sa pagtatalaga ng ating mga buhay upang mag-asawa sa lalake/babae na pinili ng Diyos para sa atin at pangalawa, sa pagtatalga ng ating buhay bilang asawang lalake at asawang babae upang mabuhay at maglingkod sa Diyos at pangatlo, ipinapangako natin ang ating sarili na maging mga magulang ng makaDiyos na mga anak.

2***. “24 At nagbangon si Jose sa kaniyang pagkakatulog, at ginawa niya ang ayon sa ipinagutos sa kaniya ng anghel ng Panginoon, at tinanggap ang kaniyang asawa;25 At hindi nakilala siya hanggang sa maipanganak ang isang lalake: at tinawag niya ang kaniyang pangalang JESUS.” (Mateo 1:24-25)*** Iginalang ni Jose si Maria at ang plano ng Diyos para sa pagsilang ng Tagapagligtas. Si Jose ay mapagkumbaba, matuwid, matalino at puspos ng kaunawaan. ***“Sino ang marunong at matalino sa inyo? ipakita niya sa pamamagitan ng mabuting kabuhayan ang kaniyang mga gawa sa kaamuan ng karunungan.” (Santiago 3:13)*** Ang matutuwid at nagtatalagang mga magulang ay maaring magpalaki ng mga anak upang maglingkod sa Diyos. Pinalaki ni Jose at Maria ang ating PANGINOONG JesuCristo sa makaDiyos na mga paraan at kalooban. Sa parehong paraan, si Jose at Maria ay pinalaki ang lahat ng kanilang mga anak sa makaDiyos na pamaraan at sa huli sila ay naging bahagi ng Simbahan ng Diyos gaya ng ating babasahin sa aklat ng Mga Gawa***: “Ang lahat ng mga ito'y nagsisipanatiling matibay na nangagkakaisa sa pananalangin na kasama ang mga babae, at si Maria na ina ni Jesus, at pati ng mga kapatid niya.” (Mga Gawa 1:14)*** Si Santiago ay isa sa mga anak ni Jose at Maria at kapatid sa ina ni Jesus. Si Santiago ay isa sa mga haligi ng Simbahan sa Jerusalem, at siya ang isa sa sumulat ng aklat ng Santiago. *Bilang maharlikang seserdote ipinangako natin ang ating mga sarili sa tamang kapasyahan upang pamunuan ang lahat ng ating mga anak upang maitalaga sa Diyos at maging lingkod ng Diyos*.

3***.“22 At nang maganap na ang mga araw na kanilang paglilinis alinsunod sa kautusan ni Moises, ay kanilang dinala siya sa Jerusalem, upang iharap siya sa Panginoon 23 (Ayon sa nasusulat sa kautusan ng Panginoon, Ang bawa't lalaking nagbubukas ng bahay-bata ay tatawaging banal sa Panginoon), 24 At upang maghandog ng hain alinsunod sa sinasabi sa kautusan ng Panginoon, Dalawang batobato, o dalawang inakay ng kalapati.” (Lucas 2:22-24)*** Tinupad ni Jose at Maria ang kanilang pananagutan ng pagkakaroong ng panganay, si Jesus. Iniharap nila si Jesus sa templo at nagdala sila ng hain na kaya nilang dalhin ayon sa kautusan ni Moises. ‘‘***Ang bawa't lalaking nagbubukas ng bahay-bata ay tatawaging banal sa Panginoon),”*** Ganap na itinilaga ni Jose at Maria ang kanilang buhay upang maglingkod sa Diyos kasama ng kanilang panganay at ng kanilang buong pamilya. Dahil dito, nakaya nilang dalhin si Jesus at ang lahat ng kanilang mga anak sa daan na binalak at itinalaga ng Diyos para sa kanila bilang isang pamilya. *Sa parehong paraan kailangan natin ipangako ang ating sarili upang tuparin ang lahat ng ating pananagutan sa Diyos gaya ng pagtatalaga sa ating mga anak sa Kanya*.

***4.“13 Nang mangakaalis nga sila, narito, ang isang anghel ng Panginoon ay napakita kay Jose sa panaginip, na nagsasabi, Magbangon ka at dalhin mo ang sanggol at ang kaniyang ina, at tumakas ka hanggang sa Egipto, at dumoon ka hanggang sa sabihin ko sa iyo: sapagka't hahanapin ni Herodes ang***

***sanggol upang siya'y puksain.14 At siya'y nagbangon at dinala ang sanggol at ang ina nito sa kinagabihan, at napasa Egipto ;15 At dumoon hanggang sa pagkamatay ni Herodes: upang maganap ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, na nagsasabi, Mula sa Egipto ay tinawag ko ang aking anak." (Mateo 2:13-15) "19 Nguni't pagkamatay ni Herodes, narito, ang isang anghel ng Panginoon ay napakita sa panaginip kay Jose sa Egipto, na nagsasabi.20 Magbangon ka at dalhin mo ang sanggol at ang kaniyang ina, at pumatungo ka sa lupain ng Israel: sapagka't nangamatay na ang nangagmimithi sa buhay ng sanggol.21 At nagbangon siya at dinala ang sanggol at ang kaniyang ina, at pumatungo sa lupa ng Israel." (Mateo 2 :19-21) "22 Datapuwa't nang mabalitaan niya na si Arquelao ang naghahari sa Judea na kahalili ng kaniyang amang si Herodes, ay natakot siyang pumatungo roon; at palibhasa'y pinagsabihan ng Dios sa panaginip, ay napatungo siya sa mga sakop ng Galilea, 23 At siya'y dumating at tumahan sa isang bayang tinatawag na Nazaret; upang maganap ang mga sinalita ng mga propeta, na siya'y tatawaging Nazareno." (Mateo 2 :22-23)*** Sinalita ng Diyos kay Jose sa pamamagitan ng panaginip at inutusan siya kung paano poprotektahan si Jesus mula sa mga kaaway na nais patayin Siya. Ganon din, Patuloy na itinuwid ng Diyos ang mga pangyayari sa panahon ng pagkabata ni Jesus sa pamamagitan ni Jose, ang Kanyang makalupang ama. Ang parehong kalagayan ay dapat isalapat para sa atin at para sa ating mga anak. Kung tayo'y mamumuhay sa isang matuwid na buhay, ang Diyos ay patuloy na lalapit sa atin, pasisiglahin tayo, at magsasalita sa atin kung anong gagawin para sa ating mga anak. Sa ganito natin itatalaga ang ating mga anak sa Panginoon sa pagtatalaga ng ating mga buhay upang makinig sa mga tagubilin ng Diyos para sa ating mga anak. Itinatalaga natin ang ating sarili na magbasa, mag-aral, at magnilay sa Salita ng Diyos upang maunawaan at maintindihan kung ano ang sinasalita ng Diyos sa atin. Nalalaman ni Jose ang Kasulatan, at ang Diyos ay nagsalita kay Jose sa pamamagitan ng panaginip para pakasalan si Maria upang tuparin ang Kasulatan. Ipinaliwanag sa kanya ng Diyos na si Maria ay nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Banal na Espiritu***: "22 At nangyari nga ang lahat ng ito, upang maganap ang sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, na nagsasabi,23 Narito, ang dalaga'y magdadalang-tao at manganganak ng isang lalake, At ang pangalang itatawag nila sa kaniya ay Emmanuel; na kung liliwanagin, ay sumasa atin ang Dios." (Mateo 2:22-23)*** Ang matutuwid na mga magulang ay dapat nalalaman ang Banal na Kasulatan upang maunawaan ang sinasabi ng Diyos sa kanila at ang nais Niya sa kanila upang gawin.

Si Jesus ay Anak ng Diyos na ipinanganak sa tao at siya ay nabuhay bilang isang tao na magbibigay ng walang hanggang buhay sa lahat ng sangkatauhan na mananampalataya sa Kanya. Gayunpaman, ang Diyos ay nasa likod ng paglaki ni Jesus, mula sa pagsilang hanggang sa Kanyang pagkabata at ginawa ni Jose at Maria ang kanilang bahagi bilang Kanyang makalupang mga magulang. ***"40 At lumalaki ang bata, at lumalakas, at napupuspos ng karunungan: at sumasa kaniya ang biyaya ng Dios." (Lucas 2 :40)*** Inalagaan ni Jose at Maria si Jesus mula pagkapanganak at habang Siya ay lumalaki ginawa nila Siyang sumama sa trabaho ni Jose bilang karpentero, at sa pagpunta sa templo, ***''41 At nagsisiparoon taon-taon ang kaniyang mga magulang sa Jerusalem sa kapistahan ng paskua.'' (Lucas 2:41)***

***"52 At lumalaki si Jesus sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao." (Lucas 2:52)*** Upang bigyang-diin ang buhay ng pagkabata ni Jesus: *Una*, Plinano ng Diyos ang Kanyang pagsilang at ang Kanyang mga magulang. *Pangalawa,* ang kabuuan ng papel ni Jose at Maria bilang mga magulang na nagtalaga sa Diyos. Ginawa nilang maayos ang gawain na ipinagkatiwala sa kanila.

Tayo ay ang maharlikang mga seserdoteng tinawag upang tuparin ang layunin bilang makaDiyos na mga magulang. At palalakihin ng Diyos ang ating mga anak ayon sa Kanyang plano upang pasaganain sila at paglingkuran SIYA kung maitatanim natin sa murang kaisipan ng ating mga anak na sila'y isinilang sa sanglibutang ito upang maglingkod sa layunin ng Diyos.

Makatitiyak tayo na ang ating mga anak ay lalago sa karunungan at alintuntunin at sa tulong ng Diyos at mga tao. Bilang mga maharlikang mga seserdote at makaDiyos na mga magulang kailangan nating alagaan at sanayin ang ating mga anak, sa pisikal at espirituwal sa tahanan at sa simbahan. Alamin natin mula sa Banal na Kasulatan at maunawan kung ano ang nais ng Diyos sa atin upang gawin at kung ano ang nais ng Diyos sa atin upang palakihin ang ating pamilya at mga anak. Seremonyal na pagtatalaga ng bata ay hindi makakatulong malibang italaga natin ang ating sarili upang palakihin ang ating mga anak para maglingkod sa Diyos at sa Kanyang simbahan.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ating ipangako ang ating sarili sa pagibig sa Diyos, sa pagibig sa Kanyang plano para sa atin, sa pagibig at sa pagsunod sa Kanyang Salita. Ibigin natin pakasalan ang inihanda niya para pakasalan natin. Ang bawat isa sa atin ay ibigin ang kanyang kabiyak; magiliw, mapagmahal, matulungin, mapagtangi, at mapagpatawad sa isa't isa, at ating italaga ang ating sarili upang maglingkod sa Diyos. Bilang mga magulang tayo ay magkaisa upang italaga ang ating mga sarili para maglingkod sa Diyos at gawing posible upang italaga ang ating mga anak para maglingkod sa Diyos kasama natin at upang gawin nila iyon ng kusang loob pagkatapos natin. Magsikap tayo para matustusan ang para sa ating mg pamilya at pangalagaan ang ating mga anak. Magsikap tayong ihanda ang isang malinis na kapaligiran sa ating pamilya na ang ating mga anak ay

malayo sa karumihan ng media at pampublikong mga paaralan at mga kaibigan. Gawin natin ang lahat ng ating makakaya upang protektahan sila mula sa lahat ng mga tukso na hihilahin sila papunta sa mga panganib. Tayo'y maging handa na ipatupad ang tagubilin ng Diyos na ipinapadala sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ng Kanyang Salita at sa pamamagitan ng Kanyang simbahan para turuan tayo ng Kanyang mga paraan upang ang ating mga anak ay lumaki at lumago sa karunungan, sa tayog at sa tulong ng tao at ng Diyos.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa pagkamatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay.*

*Panginoon salamat para sa iyong Salita na ipinakita mo sa akin ng malinaw ang iyong mga paraan ng buhay na kailangan mo na sundin ko.*

*Tayo ay magsisi at talikuran ang lahat ng ating mga kasalanan,*

*Talikuran ang iyong kawalan ng pangako, ang kakulangan ng pagtatalaga upang maglingkod sa Diyos, ang iyong kawalang-ingat patungo sa mga kailangan ng iyong kabiyak, tahanan, pamilya at mga anak, ang iyong paghihimagsik laban sa plano ng Diyos na mayroon siya para sa iyo, ang iyong naantalang pagsunod, ang iyong kapabayaan sa mga utos ng Banal na Espiritu, ang iyong kapabayaan sa mga iniutos ng Salita ng Diyos, at ang iyong kapabayaan sa mga iniutos sa atin bilang isang simbahan sa iyo.*

*Panginoon ako'y nagsisi mula sa sumusunod na mga kasalanan____________________.*

*Panginoon ako'y nagbabalik sa iyo. Handa kong ipangakong muli ang aking sarili upang maglingkod sa iyo at italaga ang aking sarili nang ganap sa iyo. Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili upang italaga ang lahat ng aking mga anak sa iyo at sanayin sila para maglingkod sa iyo. Panginoon aking itinatalaga ang aking sarili na mabuhay para sa iyo ayon sa iyong Salita. Panginoon ipinapangko ko ang aking sarili na magparami pa ng bunga ng Banal na Espiritu na makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay.*

*Panginoon salamat para sa aking mga Kapatid na Lalaki at Babae na lumapit sa iyo at iniaalay ang kanilang buhay sa iyo sa pagtatalaga ng kanilang mga sarili at ang kanilang mga anak sa iyo. Panginoon pagpalain kami, protektahan kami at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan upang mapalaki nila ang kanilang mga anak sa pagkatakot sa iyo at sanayin sila upang maglingkod sa iyo at tuparin ang iyong kalooban sa kanilang buhay. Panginoon pusposin sila ng Banal na Espiritu at gamitin ang kanilang buhay at mga patotoo upang magebanghelyo at dalhin ang iba sa iyo.*

*Panginoon kami'y nanalangain na pagpapalain mo kami bilang isang simbahan, puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang mga espirituwal na kaloob upang pumaroon at maglinkod sa iyo, pag-abot sa nawawala. Panginoon tulungan kami bilang isang simbahan upang maturuan ang lahat ng mga magulang ng iyong Salita, plano at kalooban at upang tulungan sila sa pagtatalaga una sa kanilang buhay at pagkatapos sa kanilang mga anak upang maglingkod sa iyo. Panginoon manguna ka sa amin at tulungan kaming makapagtanim ng bagong mga kapisanan at bagong pag-aaral ng Bibliya. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan at pagpapatupad sa buong kalooban ng Diyos', Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Pagtatalaga sa Maliliit na mga Bata. Joshue 24:15. Kawikaan 22:6. Mateo 19:13-15. Deutronomio 6:6-9. Mateo 1:18-25. Santiago 3:13. Mga Gawa 1:14. Lucas 2:22-24. Mateo 2:19-23. Lucas 2:40-41. Lucas 2:52.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com